



Coronavirus (COVID-19): Ano ang maaasahan ng mga kasapi sa NDIS mula sa kanilang mga tagapagbigay-serbisyo at nagsusuportang trabahador

Dahil nasa panahon tayo ng alanganin, maaaring nababahala o naguguluhan kayo tungkol sa COVID-19 at ang apekto nito sa mga suporta at serbisyo mula sa NDIS. Naiintindihan namin kung gaano kahalaga na kayo ay may napapanahong impormasyon tungkol sa COVID-19.

Ang pahina ng katutuhanan na ito ay nagpapaliwanag ng ilang mga pagbabago sa paraan ng pagbibigay ng mga suporta at serbisyo sa inyo sa panahon ng COVID-19.

Pangunahing puntos

- May natatanging webpage [COVID-19 NDIS participant](#) sa aming website
- Maaari kayong makaranas ng ilang pagbabago sa inyong mga suporta and serbisyo
- Maraming impormasyon ang makakatulong para kayo ay manatiling ligtas at masabi sa iba kung ano ang gagawin para masuportahan kayo

Manatiling may kaalaman

Upang matulungan at masuportahan kayo sa panahon ng pandemyang COVID-19, kami ay gumawa ng isang [dedicated NDIS participant webpage](#) na may ugnay (links) sa mga mapagkukunan at bagong impormasyon tungkol sa COVID-19.

Itong 'webpage' ay may natatanging impormasyon tungkol sa pandemya, at hinihikayat kayong bumisita dito. May isang [fact sheet](#) para sa mga kasali sa NDIS na nagpapaliwanag kung ano ang maaasahan sa inyong mga tagapagbigay ng serbisyo at impormasyon kung paano maghain ng reklamo laban sa inyong tagapagbigay ng serbisyo, at mga 'links' sa dagdag na mapagkukunan. Makukuha rin ang mga ito sa [Easy Read](#) at [Auslan](#) na porma.

Kami ay nagkikipag-usap sa mga tagapagbigay ng serbisyo habang inaayos nila ang kanilang mga pamamaraan kung kailangan para sa mas mahusay nilang maibibigay sa inyo ng mga suporta at



serbisyong inaasahan ninyo. Ang impormasyon na ibinigay namin sa mga tagapagbigay ng serbisyo ay makikita sa aming [provider alerts webpage](#).

Bakit may mga pagbabago sa pamaraan ng mga tagapagbigay ng mga suporta at serbisyo ng NDIS?

Dahil sa kasalukuyang patakaran sa pagpapanatili sa pagitan ng mga tao at paghihiwalay ng sarili dahil sa pandemya, maaaring may mga pagbabago sa mga serbisyo at suportang natatanggap ninyo.

Kabilang sa ilang mga pagbabago ay:

- Kung kayo ay karaniwang tumatanggap ng paggagamot o pagpapayo ng harap-harapan, ngayon ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring magsaayos ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o 'interactive online' bilang kahalili nito.
- Kung kayo ay karaniwang kasali sa mga panlibangang aktibidades ng mga pangkat, ngayon, maaaring magsaayos ng tagapagbigay ng serbisyo ng mga gawaing magagawa sa inyong bahay, katulad ng mga kantahan, pagluluto o mga gawaing libangan.
- Kaysa kasama kayo sa pamimili sa mga tindahan, ngayon, ang inyong mga tagasuportang trabahador ay maaaring bibilhan na lamang kayo ng mga kailangan ninyo at dadalhin sa inyong bahay.
- Maaari kayong makikipag-usap sa inyong pamilya at kaibigan na gamit ng mga telephone/video kaysa harap-harapan na pag-uusap para panatilihin kayong nakakaugnay kahit nagkakalayo.

Kung mayroon mang mga pagbabago, ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ay dapat:

- tatanungin kayo tungkol sa mga agarang mga pagbabago sa inyong mga gawain.
- bibigyan kayo ng tamang impormasyon at tatanungin kayo tungkol sa mga maaaring naibabagay at mga babaguhin.

Ano ang mga pagbabago dahil sa COVID-19?

Mahalagang malaman na ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ay patuloy na nagbibigay ng mga suporta at serbisyo kahit na mahirap ang kasalukuyang sitwasyon. Ngunit kahit ganito, sila ay **obligadong may pasabi sa amin** kung mayroong malaking epekto sa ibinigay nilang mga suporta at serbisyo sa inyo.

Kung kayo ay hindi sinabihan ng husto tungkol sa mga pagbabago sa ibinigay nilang mga suporta sa inyo, o sanhi nito ng inyong pagkabalisa, dapat na tawagan kami ([contact us](#)).

Pagpapanatili sa mga mahalagang suporta

Ang patuloy na aming pagtuunan ng pansin ay ang kalidad at kaligtasan ng mga suporta at serbisyo na ibinigay sa mga may-kapansanang kasapi ng NDIS. Ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ay kailangang epektibong sasagot sa mga krisis at patuloy na nagbibigay ng mga suporta at serbisyong kinakailangan ninyo upang manatili kayong komportable at ligtas. Dahil dito, kami ay patuloy na nakikipaggawa sa kanilang mga plano sa negosyo.

Bahagi ng mga planong ito ang:

- gawing palaging napapanahon ang inyong mga ulat, klaro, madaling magamit, at makuha kung may bago o pansamantalang kawani ang kailangang sumuporta sa iyo
- magsaayos ng mga klarong daluyan ng komunikasyon upang matiyak na ang mga kawani, ibang pangkat, at pati kayo at ang inyong ugnayan ng mga taga-suporta ay makakatanggap ng impormasyon kailangan sa tamang oras at sa tamang paraan.



Pansinin na hanggang sa ngayon, lahat ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng NDIS, rehistrado man o hindi, ay **obligado pa rin na protektahan at prebentahan kayong masaktan** dahil sa mga mababang kalidad o di-ligtas na suporta, pag-abuso, pagkapabaya at pagsasamantala o maling pamamahala sa mga pagbabago ng mga pagbibigay ng suporta.

Trangkaso

Ang Australya ay kasalukuyang patungo sa panahon ng trangkaso (flu), na inaasahang papatong sa kasalukuyang pandemyang COVID-19.

Ang bakuna laban sa trangkaso ay makukuha na ngayon. Ang pagbabakuna laban sa trangkaso ay makakatulong sa pagprotekta sa inyo na magkakasakit ng trangkaso, ngunit hindi ito makakaprotekta sa inyo na magkakasakit ng COVID-19.

Kung gusto o kailangan ninyong magpabakuna laban sa trangkaso, maaari na kayong hingin ito o sabihin sa inyong tagapagbigay ng serbisyo na tulungan kayo.

Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa pagbabakuna laban sa trangkaso, kausapin ang inyong doktor.

Matatawagan tungkol sa Impormasyon para sa mga May-kapansanan

Kung mayroon kayong katanungan tungkol sa COVID-19, o kailangan ng tulong dahil sa mga pagbabago, maaari kayong tumawag sa [Disability Information Helpline](#) sa **1800 643 787**. (Kung may diperensya sa taynga, o may problema sa pagdinig o sa pagsasalita, maaaring tumawag sa National Relay Service sa 133 677.)

Ang 'helpline' ay nakabukas sa Lunes hanggang Biyernes mula alas-8:00nu hanggang alas-8:00ng (AEST) at sa Sabado at Linggo mula alas-9:00nu hanggang alas-7:00ng (AEST). Hindi ito nakabukas sa mga pampublikong bakasyon.

Maaari kayong tumawag sa 'helpline' kung:

- ang inyong mga pansuportang trabahador ay hindi dumating
- ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ay huminto
- nahihirapan kayong makakuha ng pagkain, mamalengke, bumili ng mga gamot o mga iba pang kinakailangang bagay
- ang isang malapit sa inyo ay may mga simtomang ng coronavirus
- kayo ay talagang masama ang loob
- may iba pang pagkakabalisa.

Pagsasanay para sa mga pansuportang trabahador

Ang kaligtasan at kapakanan ng lahat ng taong mga kapansanan at mga taong tagapagbigay ng serbisyo at suporta sa inyo ay nakamahalaga.

Hinihikayat namin sa lahat na trabahador ng NDIS na kumuha ng [free online training from the Department of Health](#) tungkol sa pagprebenta at panlaban sa impeksyon ng COVID-19. Maaari ninyong tanungin ang inyong tagapagbigay ng serbisyo o mga pansuportang trabahador kung nakapagsanay na sila nito. Kung hindi, maaari ninyong sabihin sa kanila na magsanay. **Pupwede din kayong kumuha nitong pagsasanay upang malaman kung** ano ang maaasahan ninyo mula sa mga nagbibigay ng mga suporta sa inyo.



NDIS Quality
and Safeguards
Commission

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa pagsasanay, kausapin ang inyong tagapagbigay ng suporta o serbisyo.

Paano maghain ng reklamo tungkol sa isang tagapagbigay ng serbisyo

Kung nakakaramdam kayo ng kapahamakan o di-masaya sa kalidad ng mga suporta at serbisyong natatanggap – ito man ay kaugnay o hindi ng COVID-19 – mahalagang malaman ninyo na maaari kayong makipag-usap sa amin tungkol sa mga hinaing ninyo. Nararapt lamang ang magreklamo.

Kung kayo ay nasa New South Wales, South Australia, ang Australian Capital Territory, Northern Territory, Queensland, Victoria o Tasmania, maaari kayong maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng:

- Pagtelepono: 1800 035 544 (walang bayad sa mga teleponong may kawad) o TTY 133 677. Maaaring makatawag ng interpreter.
- [National Relay Service](#) at hinging ikonekta kayo sa 1800 035 544.
- Paghahain ng isang [complaint contact form](#).

Kung kayo ay nasa Western Australia, ituloy na tawagan ang [HADSCO](#) upang makapaghain ng reklamo hanggang sa ika-30 ng Nobyembre 2020.

Tawagan Kami

Tawagan: 1800 035 544 (walang bayad sa mga teleponong may kawad). Ang sentrong matatawagan ay bukas mula alas-9:00nu hanggang alas-4:30nh sa NT, alas-9:00nu hanggang alas-5:00nh sa ACT, NSW, QLD, SA, TAS at VIC ng mula Lunes hanggang Biyernes, liban sa mga pampublikong bakasyon.

Email: contactcentre@ndiscommission.gov.au

Website: www.ndiscommission.gov.au